

# Ang Karanasan ng Nakaraan sa Gunitang Viswal: Pagsusuri sa mga Pelikulang Romantiko sa Baguio

Pamela Marie M. Cruz

Nakalikha na ng mga dominanteng gunita ang mga popular na romantikong pelikula sa espasyo ng Baguio. Ang mga gunitang ito ang siya ring naging kumbensyon na patuloy na ginagamit at tumatak na sa kaisipan ng popular na masa hanggang sa kasalukuyan. Matingkad at napanatili ang ganitong naratibisasyon sa mga pelikula na nakaugnay sa romantikong pagpapakahulugan dito ng kolonyalismong Amerikano, kaugnay ng kanilang proyektong lugar-pahingahan sa partikular sa espasyo noong unang bahagi ng ika-19 dantaon. Kabilang dito ang pagsasaayos ng espasyo at pagbubuo ng mga establisimiento na magbibigay serbisyo at aayon sa pangangailangan ng kapangyarihan. Sa idealisasyon ay kakabit nitong mga kuwento ng pahinga, bakasyon, pagtakas, at pag-ibig. Sa ganitong realidad sa mundo ng popular ng pelikula ay ang kasabay naman nitong pagsasantabi sa mga pangkasalukuyan isyu at mga problemang hinaharap ng siyudad sa mga aspektong sosyolohikal, kultural, at ekolohikal.

Nakapaglatag ng sariling kahulugan at naratibo ang mga pelikula tungkol sa Baguio. Masasabing nakaugnay pa rin ang mga kahulugan, naratibo at gunita sa pagkakahubog ng kasaysayan dito. Naisasalin at naipagpapatuloy ng mga popular na romantikong pelikula ang mga binuong kahulugan ng kasaysayan. Napanatili sa mga pelikulang ito ang ideal na naratibong binuo sa kasaysayan, kung paano ito hinubog ng kolonyalismong Amerikano bilang isang ideal na lugar na pahingahan. Sa mga pelikula ay ang kapangyarihan ng kolonyalismong Amerikano.

May pinanggagalingang kumbensiyon at tradisyon ng idealisasyon sa mga katutubong Igorot at espasyo ng Baguio na makikita sa mga popular na romantikong pelikula. Ngunit nararapat lamang na bigyang-pansin na ang mga kumbensiyong ito ay diskursibo at may malalim na kahulugan sa pagkatao at kasaysayan ng mga Filipino.

Marahil hindi lamang para tugunan ang popular na panlasa ng manonood kung kaya't nabuo ang mga kumbensiyon sa pelikulang romantiko sa Baguio. Ang mga imaheng makikita ay siya ring bahagi ng pagpapatuloy ng mga alaala at pagpapakahulugan ng mga tao sa espasyong ito. Ang pelikula ang nagsilbi ring virtual na midyum upang makita at danasin muli ang bahagi ng kasaysayan ng Baguio na kinilala at patuloy na kinikilala. Sabi nga ni Elizabeth Wilson (1997),

[T]he fabric of a city is not only always in process of changing, and not only is this change normally visible, but even when it is not, it becomes part of collective memory both informally and in the written and written official histories of cities. (p. 129)

Kung pagbabatayan ang pahayag na ito masasabi ngang bahagi ng mga nabuong mga representasyon tungkol sa espasyo ng Baguio ang mga dati nang alaala o gunita at mga naratibong nabuo sa kasaysayan. Nadanas na nang naunang kasaysayan ang iba't ibang lunan at mga tagpo sa pelikula. Muling binubuo at nililikha ito sa mga pelikula sang-ayon sa mga nakagisnan na. Kagaya ng paggamit ng mga eksena ng kabundukan, ng mga parke, mga paglalakad sa Session Road, at ng pagdaan sa zigzag road. Ang mga romantikong pagpapakahulugan sa mga sityo ng siyudad ay nagpapatuloy sa mga melodramang (romantiko) pelikula. Tatangkaing suriin sa papel na ito kung paano nga ba ginamit ang espasyo ng Baguio sa mga popular na romantikong pelikula kaugnay ng malalim nitong karanasang historikal na nagtakda ng mga pagbabago sa usapin ng uri, lahi, etnisidad, identidad, bayan, at bansa.

### **Ang Melodrama at Romance Mode sa Pelikula**

Malalim ang pagkakaugat ng karanasan ng panonood ng pelikula sa mga Filipino. Popular ang pelikula dahil may kasiyahan at aliw na idinudulot ang panonood sa mga manonood; isang kultural na karanasan na nakahiligan na ng nakararami. Masasabing bahagi ng popularidad ng pelikula ay ang pagiging popular din ng mga kuwentong pag-ibig sa mga ito. Kaakibat ng usapin ng pelikula bilang isang anyo ng kulturang popular ay ang mga temang pumapaksa sa pag-ibig.

Popular sa panlasa ng manonood ang elemento ng romansa at drama. Isa itong realidad lalo na't kung pagbabatayan ang produksyon sa industriya ng pelikula at resepsyon o kung paano ito tinatanggap ng mga manonood. Marami nang pinasikat na mga artista at tambalan ang partikular na anyong pampelikula na melodrama dahil nga sa katangian na mayroon ito, ang emosyong ibinibigay sa mga manonood. Nakalikha ng mga tiyak na mga tagasunod ang mga artista at gayon din naman ay may inaasahang pormula ng sine ang mga manonood kaugnay ng hinahangaang mga artista.

Melodrama ang nagpasikat kina Tita Duran, Rosa Rosal, Gloria Romero, Nida Blanca, Hilda Koronel, Nora Aunor, Vilma Santos, Sharon Cuneta, Judy Ann Santos, at Claudine Barretto. Ilan lamang sa marami pang mga artista. Mapapansing sa kababaihan iniuugnay ang partikular na anyo dahil ang mga tema sa kuwento ng pelikula ay malapit sa buhay ng babae, kagaya ng mga usaping pampamilya, mga kaganapan sa isang tahanan, at ang paggamit din ng emosyon (Mulvey, 2009). Kaya nga't masasabi rin na ang pangunahing tumatangkilik nito ay kababaihan din.

Kung sususugan ang definisyon ni Guieb (2009) ukol sa melodrama, ito ay “karaniwang talakayin sa drama ang mga kuwento ng pag-ibig (na kadalasan ay

love triangle), pang-aapi sa mga bata, kontradiksiyon ng mahirap at mayaman, at dikotomiya ng lungsod at nayon” (Lanot & Tiongson, as cited in Guieb, p. 56). *Via crucis* ang buong buhay ng bida. Pagkatapos ng samu’t saring trahedyang makakaranas ang bida, na kadalasan ay babae, sa pagtatapos ng pelikula ng redempson o pagkakamit sa hinahangad na pangarap, e.g., kasintahan o lalaking iniirong, o pamilyang muling nabuo o nakompleto. Minsan, ang iyakan ay nilalangkapan ng mga sampalan at sigawan. Melodrama ang nagpatimo sa konsepto ng pagtitiis na humubog sa *psyche* ng pagkataong Filipino, e.g., matiising ina, asawa, kasintahan, o anak (Guieb, p. 56). Buhay ang mga temang ito sa mga pelikula sa Baguio at mahalaga rin ang partikular na anyo sa pagbubuo ng kasaysayan at gunita ng Baguio. Sa mga ganito ring mga kumbensyon nahubog ang kamalayan ng mga karaniwang manonood kung kaya’t ito rin ang kanilang inaasahan na makita.

Hindi naman alintana na sa likod ng mga pelikulang inihahatid sa mga masa ay ang mga prodyuser na siyang lumikha at naglabas ng malaking pera para dito. Isang realidad na ang pelikula ay hindi lamang para sa sining kundi komersyal ito at kailangang kumita.

Kasama na sa pagpatingkad ng drama sa mga pelikula ay ang elemento ng lokasyon o tagpuan. Nakasanayan na sa mga popular na pelikula na ang romantiko ay itinutumbas sa mga lugar na malapit sa kalikasan, malayo sa lungsod, tahimik at payapa. Isa na sigurong paboritong lokasyon ay ang Baguio. Karamihan sa mga pelikula ay nasa genre ng melodrama at dito rin napatingkad ang romance mode na naipasa na sa mga popular na pelikula bilang mga kumbensiyon.

Buhay ang mga kuwento ng pag-ibig, kuwento ng pamilya, kuwento ng mahirap at mayaman, ng nang-aapi at api, ng tagumpay sa mga nalikhang pelikulang tinatawag ay melodrama. Nakabuo na ng mga kumbensiyon sa kahabaan na rin ng kasaysayan. Nagkaroon ng mahalagang papel ang Baguio bilang isang tagpuan na nakapaglilok na rin ng kahulugan kaugnay ng usapin ng romansa at pag-ibig sa mga pelikula na naipamalas sa naratibo at aspektong teknikal.

## **Sa Gitna ng mga Puno ng Pino at ang Malawak na Kabundukan**

Para sa mga katutubong Igorot ang bulubundukin ng Kordilyera ang espasyo ng kanilang pamumuhay. Dito nakasentro ang pang-araw-araw na pamumuhay, isinasagawa ang mga nakagisnan nang tradisyon. Sa pananaliksik ni Maria Nela Florendo (1993) ukol sa sinaunang kasaysayan:

Noong makalumang panahon, ang Baguio ay isang malawak at mada-  
mong lugar na tinutubuan ng lumot na kung tawagin sa katutubong

salitang Ibaloy ay bag-iw. Maaaring inugat ang pangalang lugar ng Baguio sa salitang ito....Sa makalumang panahon, ang lugar ay binubuo ng mga kalat na panirahanan ng tribong Ibaloy. Ang buong lugar ay may populasyon na 629 na “kaluluwa” batay sa unang tala na isinagawa ng mga Espanyol noong 1885. Batay sa mga etnograpihong batis, ang nabanggit na katangian ng kanilang panirahanan at panlipunang organisasyon ay alinsunod sa kanilang panirahanan at alinsunod sa kanilang kabuhayan; ang mga katutubo ay namamalagi sa lugar na malapit sa kanilang mga taniman...(p. 60)

Mula sa sinaunang kasaysayan na ito ay mababanaag ang simpleng pamumuhay ng mga katutubong Ibaloy at ang kahulugan ng espasyo para sa kanila ay kabuhayan na siyang nakasentro rin sa tinatawag na “rancheria.” Naging marahas naman ang mga Espanyol sa mga katutubo at ang tanging naging layon ay kamkamin ang mga ginto ng lugar.

Hindi naman naging ganap ang naging ugnayan ng mga Espanyol at mga katutubo. At nang dumating ang mga Amerikano, panibagong pagpapakahulugan at pagpapahalaga naman ang ibinigay sa espasyo. Sa unang pagdalaw ni Worcester (as cited in Florendo, 1993) sa Baguio:

We found conditions as described in the Spanish report. The country was gently rolling, its elevation ranging from forty-five to fifty-two hundred feet. The hills were covered with short, thick grass and with magnificent pine trees, which for the most part grew at considerable distance from each other. While along the streams there were wonderful tree forms and luxuriant tangles of beautiful tropical vegetation. It took us but a short time to decide that here was an ideal site for a future city. (p. 60)

At mula sa iba’t ibang pananaw ng mga pwersang panlipunan na naging bahagi ng Baguio ay masasabing ang espasyo ngang ito ay nakapag-iwan ng mga imahen na bagamat bahagi ng gunitang binabalikan ay hindi rin naman ganap ang representasyong ipinahahayag. Matingkad ang romantisasyon sa mga pelikula kagaya ng kung ano ang ikinabit na kahulugan ng mga Amerikano. Tingnan natin ang mga imahen ng bundok at ang ibinibigay na kahulugan ng pelikula dito.

Mapupuna sa mga pelikula ang paggamit ng panoramic shot ng bundok ng Baguio. Napakakaraniwan ng ganitong kuha at eksena sa mga pelikula. Maaaring bilang establishing shot na nagpapahiwatig at naghahanda sa manonood na nasa Baguio ang lokasyon ng eksena at maaari rin namang ginagamit na background sa mga romantikong eksena.

Ang mga puno ng pino at mga bundok ay esensyal din na imaheng iniuugnay sa Baguio. Ang pagkakaugat ng mga punong ito sa lupa ay nagpapahiwatig ng katatagan at katandaan. Gaya ng zigzag at tunnel, ang pino ay nagsilbing talaan ng mga pagbabago sa kasaysayan at kultura (Crang, 1998, p. 22). Marami na itong pinagdaanan. Tila saksi ang mga puno ng pino na nakatirik sa kabundukan sa karanasan ng mga tauhan kagaya ni Abby (*Don't Give Up On Us*), Rocky at Gary (*Ngayong Nandito Ka*), at Emil at Laura (*Sa Init ng Apoy*). Matagal na itong naririto, bahagi ng likas na kapaligiran.

Kagaya ng pagiging likas ng pino at bundok ay ang pag-ayon nila sa sistema ng espasyo ng Baguio. Sa kaso ni Abby na dinumihan ng sistema ng Maynila ay babalik siya sa pagiging likas na tao, dahil ang karanasan sa mga pino ay karanasan ng pagiging malapit sa kalikasan. Gaya ng kung paano din ito dinanas ng mga Amerikanong dayuhan na hindi malayo sa naging karanasan ni Abby sa gitna ng mga puno at kabundukan sa espasyo ng Baguio at Kordilyera.

Gaya ng isa sa mga eksena sa *Kung Mangarap Ka't Magising*, na malaki ang naitulong sa elemento ng romantiko ang background, tanaw rito ang malawak na kabundukan. Nagpicnic sina Joey at Anna, nakaupo sila sa kapatagan/damuhan at pinadinig pa ni Joey ang binubuo nitong awitin. Tinugtug niya ito sa gitara. Sa eksena ring ito nagpakita ng pagkalimot ang dalawa lalo na't kasama pa ang anak ni Anna.

Kasabay ng akustikong pagtugtug ay ang palitan ng tinginan ng dalawang pangunahing tauhan. Mahihinuha mula sa eksenang ito ang unti-unting pagbubukas ng damdamin sa isa't isa. Makikita ang pagpapalitan ng mga ngiti at pagtatama ng tingin. Para ring ang kapaligiran ay nakapagtatangay ng damdamin. Na tila ba ang kalawakan ng kabundukan, ang mga berdeng puno ng pino, ang ulap na tumatama sa bundok ang nakapagbigay ng pansamantalang kapayapaan at kalayaan sa mga tauhan.

May ganito ring eksena sa *Friends in Love*. Nag-uusap si Sara (Sharon Cuneta) at ang kanyang ama (Vic Silayan) sa may bangin at matatanaw ang malawak na kabundukan. Nalilikha ang mood ng pagpapahinga, repleksyon, at kontemplasyon. Nagbabadya ang kadiliman, takipsilim, at palubog na ang araw. May dala-dala silang upuan at naroon ang kotse sa tabi na para bang sinadya talaga nilang pumunta doon para pag-usapan ang relasyon at pag-ibig.

Pinapayuhan si Sara ng kanyang ama. Para bang ipinahihiwatig din nito ang kuha ng bundok at mga puno ay nakapagbibigay rin ng espasyo, ng maluwa ng espasyo para sa mga tauhan na makapag-isip at makahinga. Kung gaano kaluwag at kalawak ang kuha ng bundok (panoramic shot) ay tila ganoon din ang ibinibigay sa kaisipan ng mga tauhan.

Makikita rin sa *Labs Kita Okay Ka Lang* ang paggamit kabundukan bilang background sa date ng dalawang pares: Budjoy at Xennon at Ned at Mary Anne. Ang eksena ring ito ang magtataka at magpapatotoo ng nararamdaman nina Budjoy at Ned para sa isa't isa. Gumamit ng montage sa bahaging ito.

Naging malaki rin ang papel ng bundok at puno ng pino sa relasyon nina Rocky (Jericho Rosales) at Gary (Kristine Hermosa) sa pelikulang *Ngayong Nandito Ka*. Sa espasyong ito nagsumpaan ng pagmamahal ang dalawa. Naging saksi rin ang partikular na bundok at puno na iyon na lagi nilang pinupuntahan sa mga pangarap na pinangakong tutuparin. Nang nagkahiwalay ang dalawa ay gumawa ng painting si Gary na naroon ang imahen ng bundok at puno. Para bang ito ang nagsilbing pribadong espasyo nila.

Binalikan ito noong nagkabalikan sila. Nagpapahiwatig na natupad na ang kanilang mga pangarap at ganap na ang kanilang kasiyahan. Ito rin ang huling eksena sa pelikula na nag-iiwan din ng pakiramdam ng pagiging masaya, kapanatagan at kapayaan. Naghahalikan ang dalawa sa harap ng malawak na bundok. Nagpapahiwatig ng katapusan hindi lamang ng pelikula kundi katapusan na ng mga problemang kanilang hinarap. At habang papaupo sila sa may bato, at hawak ni Rocky ang gitara, na nagsasabi ring maaari na nilang tuparin ang kanilang mga pangarap ay nagpa-pan ang camera sa kaliwa upang itutok sa imahen ng bundok. Naging mahalagang bahagi ito sa pagpapaigting ng kanilang relasyon. Kasama nila ang bundok at ang puno sa paglago at pagpapapalim ng kanilang pag-ibig sa isa't isa.

## **Burnham Park, Burnham Lake, at Iba Pang Parke**

Kung babalikan ang kasaysayan sa ilalim ng mga Amerikano, kasama sa plano ng Baguio ang paglalagay ng parke at man-made lake bilang katuparan na rin ng lugar-pahingahan ng lugar. Nagustuhan agad ni Daniel Burnham ang Baguio pagkakita rito. Sa kanya pinangalanan ang Burnham Park at Burnham Lake na siya ring nagdisenyo ng kabuuang lungsod.

Masasabing sa mga taong 1930's ganap na na tourist spot ang Baguio. Isa na sa pinakapinupuntahan ng mga turista ay ang Burnham Park. Ganito ang deskripsyon ni Samuel Kane (naging gobernador ng Bontoc at Kalinga, at superbisor ng Mountain Province) sa kanyang *Interesting Things to See In and Near Baguio*:

Burnham Park: This beautiful little park in the heart of the city must be included among the points of interest. It was named after the famous landscape artist, David H. Burnham, who visited Baguio and its possibilities that he gave his services free of charge. His plan has been

closely followed in all improvements of the townsite Kane (as cited in Tolentino, 2009, p. 53).

Kasama sa mga kumbensiyon ng mga romantikong pelikula ang pagpapakita sa Burnham Park/Lake bilang isang lunan ng kasiyahan, pag-aliw, pagpapahinga, pamamasyal, at oras para sa minamahal. Kagaya ng sa *Ngayong Nandito Ka* (bahagi ng isang montage sequence) ang pagpapakita ng kasiyahan at paglilibang ng dalawang pangunahing tauhan.

Maliban sa Burnham Park, marami pang ibang kilalang parke at pook ang makikita na ginamit sa mga pelikula. Kagaya na lamang ng sa *Labs Kita Okay Ka Lang*. Ginamit ang Lion's Park para sa pagtatagpo ng mga magbabarkada. Ito rin ang naging lugar nila para sa pag-ensayo at pag-awit. Naging mahalaga ang espasyong ito upang paigtingin ang samahan ng kabataang magkakaibigan.

Naipakita sa *Kung Mangarap Ka't Magising* ang paggamit sa Baguio bilang romantikong espasyo. Naging mahalaga ang ambience o kapaligiran ng Baguio sa pag-unlad ng kuwento ng pag-ibig ng dalawang pangunahing tauhan. Maraming paglakad at pag-uusap ang dalawa na esensyal sa kanilang relasyon. Isa na rito ang paglalakad nila habang umuulan. Magandang suriin ang dialogo sa parteng ito:

Anna: Ok dito, mas gusto ko nga dito kesa Maynila eh. Kaya lang di talaga ako makuntento.

Joey: Ang ganda ng weather ngayon. Gusto mong maglakad?

Joey: Sa Maynila magagawa mo ba 'to? E di baha ang aabutin mo.

Anna: Sa Maynila lagi naman tayong nasa kotse.

Joey: Hindi, iba talaga dito Walang hassle, malinis, walang....

Anna: Alikabok

Joey: Ganun na nga. Malamig. Hindi...

Anna: Mainit?

Joey: What I'm trying to say is...

Anna: Kahit hindi ka maligo, pwede? Sana nga may ganong lugar. Yung nandon na lahat, yung malinis, malamig, walang alikabok at walang makikialam sa'yo. Sana, kung may lugar na ganun (De Leon, 1977).

Mahihinuha mula sa palitan ng usapan ng dalawa ang karakter ni Anna at pagpapahiwatig din ng paghahangad ng kalayaan. Para bang sinasabi na malaya siya sa Baguio. Malalaman sa kalaunan ng pelikula na siya ay may asawa at nasasakal na siya sa kanilang relasyon. Masisiwalat na mapangkontrol ang kanyang asawa at hindi na nasisiyahan si Anna sa kanilang pagsasama. May

paghahanap siya na buuin ang sarili. At naging mahalaga ang papel ng Baguio, partikular ang espasyo ng Baguio upang matanto niya na gusto na niyang makipaghiwalay at magkaroon ng sariling buhay. Ang karanasan niya sa Baguio kasama na ang pakikipagkaibigan/pakikipagrelasyon kay Joey ang nagbigay-daan para sa kanyang paglaya bilang babae. Maaaring pagtakas noong una ngunit sa proseso ay ang kanyang kalayaan.

Nagbunsod ang pagpunta ni Anna sa UP Baguio sa isang pagtuklas sa sarili. Ang paghahanap at pagbisita sa kanyang kaibigan ay maaaring basahin bilang siya mismo ang kanyang hinahanap. Ang buong karanasan sa Baguio ay paghahanap sa sarili. Hindi lamang para kay Anna kundi pati kay Joey na naliligaw rin ng landas. Ang pagiging malapit sa barkada ni Joey at ang paglalakad, pagmamapa sa espasyo ng Baguio ay siya ring pagmamapa sa kanyang sarili.

Naghahangad si Anna ng kalayaan kahit pansamantala lamang. At sa Baguio ay hawak niya ang kanyang oras. Gaya ng mga turista na pansamantala lamang tumatakas sa mga gawain at trabaho sa Maynila at magbabakasyon sa Baguio. Gaya ng paninirahan nang transient lamang ng mga turistang ito sa iba't ibang transient houses sa Baguio.

Samantala si Joey naman ay may parehong pinagdadaanan sa usapin din ng pag-aayos ng buhay, paghahanap ng sarili. Tila naging taguan at siyang espasyong kumupkop kay Joey ang Baguio sa mga panahong naliligaw siya. Malalaman na namatay ang kanyang kasintahan sa isang aksidente at si Joey ang nagmamaneho ng sasakyan. Sinisisi niya ang kanyang sarili kasabay rin ng pagkakonsensya sa nangyari. Manipestasyon ang pakikitungo niya sa kanyang pag-aaral sa kolehiyo ng hindi pagkagulo ng isip at di pagseryoso sa buhay. Mag-uumpisa ang pelikula sa kuha ng bukung-liwayway sa kabundukan. Nagpapahiwatig ng panibagong araw. Magsisilbing alarm clock ang radyo na sasabihing, "...the American military community in the Philippines..."

Ang Baguio ang kumupkop at umampon sa kanya habang tinatakas at hinihilom ang sugat sa mapapait na pangyayari sa buhay.

Malayo at umiiwas si Joey sa kanyang pamilya at dating buhay. Mababatid na may mataas na ekspektasyon ang ama sa kanya. Ang pagtawag din ng kanyang ama ay nagsilbing interapsyon at pagkaputol sa romantikong mood sa pagitan nila ni Anna. Tila ba naipapaala ang realidad kay Joey sa pamamagitan nito. Hindi ganap ang pagtakas at romansa, lagi't laging sumusulpot ang mga suliranin o kaya'y sinusundan sila ng mga problemang kanilang tinatakas.

Nangyari rin ito kay Anna. Sa unang bahagi ng pelikula, nasambit ni Anna ang katagang, "I have all the time in the world." Ngunit mapuputol ito nang dumating ang kanyang tinataguan asawa pagkatapos din ng romantikong eksena sa pagpipicnic sa bundok. Sinusundo at pinauuwi na si Anna sa Maynila.



Ang pagdating ni Anna sa buhay ni Joey ang naging hudyat sa unti-unting pagbalik ng kanyang lakas at pagbubukas ng loob. Para bang ginanahan na muli si Joey. Nag-umpisa sa pagyayang lumabas kay Anna kasama muna ang iba pang kaibigan ni Joey. Hinatid din pala ni Joey si Anna pauwi sa kanyang tinutuluyan. At habang nasa loob sila ng sasakyan ay nag-uumpisa na ang pagkakila nila sa isa't isa. At ang pagpapadala ng damdamin nila sa isa't isa. Kasabay rin nito ang pagmamapa nila sa espasyo ng Baguio. Nililibot ng Volkswagen ni Joey ang tereyn ng Baguio at kasabay nitong pumapalaot din ang kanilang mga damdamin.

Mabisa rin ang eksena sa may fireplace nang ginagamit sa mga pelikula na gumagamit sa lokasyon ng Baguio. Naging kumbensiyon na ito at tanda na ang eksena ay sa Baguio nga. Ipinahihiwatig na kailangan ng init sa malamig na Baguio. Pinatitingkad din nito ang romantikong mood. Gaya ng sa pelikulang *Kung Mangarap Ka't Magising* kung saan nag-uusap si Joey at Anna tungkol sa kani-kanilang relasyon. Nagkukuwento si Anna tungkol sa kanyang asawa, ang kanyang pagkapagod, hinanakit, at di pagkakuntento sa relasyon.

Kung ang Baguio ang nagsilbing espasyo ang pagtakas para kina Joey at Anna sa kanilang pinagdaanan at pinagdadaanang relasyon. Hindi rin naman maipagkakaila na ang espasyo rin ang Baguio ang nagbigay ng pagkakataon at oras sa pag-iisip at muling pagkilala sa sarili. Parehong may mabigat na iniaatas ang pamilya, mga taong malapit sa buhay ng dalawa sa kanila. Si Joey, ang kanyang tatay. Si Anna, ang kanyang asawa na mapangkontrol. Inaasahan sa kanila ang kumbensiyunal na tungkulin nila bilang babae at lalaki. Sa espasyo rin ng Baguio nakabuo ng solidong desisyon sa pagpapabuti ng buhay at sa pagiging mas masaya. Ito ang nagbukas sa kanila ng kalayaan.

Mahalaga ang pagpunta ng dalawa sa Sagada. Bahagi pa rin kabundukan ng Cordillera. Mas malayo at mataas sa Baguio. Ang Baguio ay espasyo na ng pagtakas ngunit hindi pa rin naging sapat. Marahil ay naabot pa rin sila ng kanilang mga tinatakan. Mas liblib ang Sagada at mas mahirap puntahan. Hindi pa siyudad gaya ng Baguio. Makikita ang panoramic shot ng kabundukan ng Mountain Province habang binabaybay ng Volkswagen ni Joey ang zigzag road patungong Sagada. Dito ay ganap nang nagpadala sa kanilang mga emosyon sina Joey at Anna ngunit mas higit pa rito ay maaari ring basahin bilang ekspresyon ng kanilang nararamdaman para sa isa't isa. Sa Baguio ay pigil pa rin ang kanilang damdamin at hindi tuluyang maipahayag dahil sa narerestriktuhan sila ng pagiging kasal ni Anna at marahil may pangamba rin na kutyain ng lipunan. Bagamat taguan sa pamilya, asawa at problema nina Joey at Anna ang Baguio ay nakabuo naman sila ng mga kaibigan dito na maaaring maging hadlang sa kanilang relasyon.

Kaya naman ang Sagada ang naging sanktuaryo ng dalawa. Makikitang naglalakad ang dalawa sa pilapil ng payyew. Binisita rin nila ang simbahan. Sinambit ni Anna, “Hindi ko maintindihan ang lugar nila. Masyadong tahimik. Ilang araw pa ako rito, magmamadre na ko eh” (De Leon, 1977). Maaaring basahin ito na pansamantala lamang ang pagtigil nila roon. Mayroong discontentment sa tono ng paghayag ni Anna. Nagpapahiwatig na transient lang din sila doon. Sa simbahan ay may katutubong babaeng Igorot na nakasuot ng tradisyunal na damit na nag-aalay ng palay sa altar.

Pagkatapos ng Sagada ay ipinagpatuloy ni Joey ang kanyang pag-aaral sa UP Baguio. Maaaring bigyang-interpretasyon ang mga nangyari sa tauhan na naging mahalaga ang espasyo ang Baguio sa pag-unlad nila bilang indibidwal. Ang pagkakakilala ng dalawa sa Baguio ang naghudyat sa pagtuklas nila sa kanilang mga sarili. Si Anna ay nagkaroon ng pagmulat, lakas na loob, at tapang na harapin ang mga problema sa asawa. Ang kanilang mga pagmumuni-muni at interaksyon sa Baguio, ang pagkakaroon ng oras sa sarili at oras para mag-isip ang nagbigay ng daan sa pagpapabuti ng kani-kanilang sarili.

## Sa Session Road

Representasyon ang kasalukuyang Session Road ng maunlad na kalakarang komersyalsalungsod ng Baguio. Nasa kalsadang ito ang iba’t ibang establisimiento mula sa mga bar, restawran, bookstores, bangko, at mga malls. Kung babalikan ang nakaraan, nagsimula ito bilang isa ring espasyo para sa negosyo. Sa mga taong 1920’s tindahan ng Hapon at Tsino ang mga nauna sa kalsadang ito, pwesto para sa gustong magpakuha ng litrato, may mga magpipilak, inuman, tindahan ng tinapay, at patahian. Makipot lamang ang daan at nakahilera sa isang banda ang mga maliliit na gusali (Reed, 1999).

Mahalaga rin ang naging papel ng Session Road sa pag-iibigan nina Rocky at Gary sa *Ngayong Nandito Ka*. Sa isang eksena pagkatapos ng kasal at sorpresang pagtatanghal ng kanilang banda sa kasal ng kapatid ni Rocky ay makikitang naglalakad sila sa Session Road. Medium long shot ng Session Road. Gabi na at may mangilan-ngilan na lamang taong dumaraan. Matatanaw ang mga gusali at establisimienyong nakalinya sa kahabaan ng kalsada. Mangilang-ngilang sasakyan na lamang ang dumadaan. Ang ganitong imahen ay nagpapahiwatig lamang ng pagpapatuloy ng dati nang naumpisahan ng espasyo na iyon.

Nag-uusap ang dalawa tungkol sa kagustuhan ng pamilya ni Rocky na ipakasal siya kay Angela (mula sa mayamang pamilya na makakatulong sa kanilang negosyo), at kung paano nababahala rito si Gary. Hanggang tumawid si Rocky papunta sa island/gitna ng kalsada at tumayo doon at isinigaw ang kanyang pagmamahal kay Gary. Dito rin siya nag-propose. Naghalikan sila sa

gitna ng Session Road. Mainam ding pansinin ang kasuotan nilang mga naka-leather jacket na hindi karaniwan sa Maynila at karaniwan naman sa Baguio dahil nga sa klima na mayroon dito.

Ang eksena ay nagpapahayag ng kalayaan at romance. Dito ay para bang dalang-dala sila ng kanilang emosyon na para bang walang hahadlang sa kanilang pagsasama, na para bang walang ibang tao sa kanilang paligid. Para bang huminto ang oras para sa kanila lamang at makikita ring umaayon ang mga taong nakasaksi at nakarinig sa kanilang pagmamahalan.

Sa isang montage sequence makikita ang masasayang sandali ng dalawang magkasintahan. Makikita sila sa Burnham Lake, sa ukay-ukay, night life sa Baguio. Magandang banggitin ang pakikibahagi nilang dalawa sa ritwal ng mga katutubo na ginanap sa Wright Park. Kanyaw. Ritwal para sa kasal. Inilalatag ng eksena ang papel ng espasyo ng Baguio sa malaking kontribusyon nito sa pagpapatatag, pagpapalalim, pagkakakilanlan nilang dalawa.

Naging saksi rin ang bundok sa paglago ng kanilang relasyon. Para bang ito ang kanilang naging kanlungan at tagapangalaga. Mayroon silang binabalik-balikan na lugar, tanaw ang kabundukan, tahimik, at may isang pine tree. Hindi nalalayo sa isa ring eksena sa *Kung Mangarap Ka't Magising*.

Noong nagkahiwalay sila dahil kinailangang pumunta si Gary sa Japan at si Rocky ay naiwan sa dahilan ng obligasyon sa pamilya at negosyo. Bitbit ni Gary sa Japan ang collage na gawa niya na may imahen ng bundok at puno na kanilang laging pinupuntahan. Ito ang tanging alaala niya sa naputol na relasyon nila ni Rocky dahil ito rin ang tanda ng lalim ng kanilang pag-iibigan at pagsasamahan—ang Baguio kung saan nangyari ang magaganda at masasayang karanasan nila.

Magkahiwalay sila at magkakaroon ng kani-kaniyang buhay ang dalawa. Makaraan ang ilang taon ay matagumpay na interior designer na si Gary at karelasyon ang isang mayamang hotel owner na si Derek. Samantalang si Rocky naman ay nagsusumikap na itaguyod ang pamilya sa pagiging furniture maker (Ito na ang kanilang kinahantungan dahil bumagsak ang kanilang logging business).

Magtatagpo muli ang landas ng dalawa sa pamamagitan ng kani-kanila ring mga negosyo at gawain. At manunumbalik ang pagtitinginan ng dalawa nang kinailangan nilang pumunta sa Baguio nang silang dalawa lang. Dito muling papasok ang papel ng Baguio sa pag-ibig ng dalawa. Ang Baguio na kumupkop, nag-aruga, kumanlong sa kanilang relasyon ay muli na namang mararamdaman ng dalawa at magpapadala sila roon.

Sa isang bar ay magkukuwentuhan ang mga magkakaibigan tungkol sa dating pagsasama ng dalawa na para na raw mag-asawa dahil sa sobrang pagkakalapit.

Ito na ang magiging hudyat ng pagbigay at paglambot ng damdamin ni Gary pagkatapos ng matagal-tagal ding pagmamatigas. Sa espasyong ito kasama ang iba pang bagay o salik na nagpalabas sa totoong nararamdaman ni Gary para kay Rocky. At ang Baguio ang gumawa nito sa kanya. Ang Baguio ang nagpahina sa kanya. Natalo siya ng kanyang emosyon at nakalimutan pansamantala ang relasyon niya kay Derek.

Pagbalik ng Maynila ay hindi na ang dating Gary ang nakaharap ni Derek. Maaaring basahin ito bilang nanaig pa rin ang tago at tunay na nararamdaman niya. Na Baguio pa rin ang nasa puso niya, maaring itumbas si Rocky o ang relasyon nila sa Baguio. Mistulang ina ang Baguio na naghihintay lamang sa kanyang napariwarang anak. Makikita ang infantalisyasyon ni Gary, ang panunumbalik sa kaniyang ina. Bukas ang Baguio at handa muling tanggapin at kalingain si Gary at kanilang relasyon ni Rocky.

Dito na mag-uumpisa ang pagkagulo ng kanyang isip. Nawawala sa rasyunal kapag napupunta sa Baguio at pagbalik ng Maynila ay wala na sa dating sarili.

Malalaman ni Derek na dati nang magkasintahan ang dalawa at sa huli'y magbibigay at magpaparaya rin. Siya na rin ang gagawa ng paraan sa muling pagtatagpo ng dalawa.

Ipakikita sa huling eksena ang kalayaan ng dalawa, sina Gary at Rocky. Naroon muli sa kanilang bundok. Parang yaong dati. Maghahalikan sila. Suot ang mga damit pang-Baguio, naka-jacket at bonnet. Ito na rin ang hudyat ng “happy ending” para sa kanila. Ang bundok at puno na naging saksi sa kanilang mga pangako ay saksi muli sa kanilang pagbabalikan. Naroon na naman ang espasyo ng Baguio na tinanggap sila at kakalinga na naman sila.

## **Mga Kuwento ng Pahinga, Pangarap, at Pag-ibig**

Gaya ng iba pang pelikulang napag-usapan makikita rin kung paano naging mahalaga ang espasyo ng Baguio sa usapin ng romansa at pag-ibig sa pelikulang *Sa Hirap at Ginhawa*.

Magkasintahan sina Arnold (Gabby Concepcion) at Cecille (Sharon Cuneta). Pareho silang taga-Maynila ngunit nagkakahiwalay sila kapag kailangan nang bumalik ni Arnold sa Baguio. Estudyante kasi siya sa UP Baguio. Samantalang si Cecille naman ay nakatakda at inaasahan na mag-aral sa ibang bansa. Balakid ang Maynila sa kanilang relasyon. Unang-una narito ang kanilang mga pamilya na makikita naman lalong-lalo na kay Cecille na may mahigpit na tatay. Kaunti lamang din ang oras na mayroon sila para sa isa't isa. Malamang ay tuwing weekend lamang dahil estudyante si Arnold sa Baguio.

Pinuntahan niya si Arnold sa Baguio isang araw. Makikitang sakay si Cecille ng Victory Liner. Popular at karaniwan na bus liner na may byahe papuntang

Baguio. Ipinahihiwatig ng imahen ng bus ang paglakabay, ang paglayo, at paghiwalay. Ito ang nagsisilbing transportasyon na magdadala sa tauhan sa ibang mundo na hiwalay sa dati. Mahahanap ni Cecille kung saan nakatira si Arnold. Matutumbok niya ang isang A-house kung saan inuupahan ni Arnold ang attic nito. Maaaring basahin ang attic bilang isa ring maliit na espasyo para sa pagsosolo ng dalawang magkasintahan. Sa katunayan magiging mahalaga rin ang espasyo ng attic na ito sa kanilang pagsasama. Ito ang kanilang magiging maliit na pugad.

Dahil ayaw rin naman nilang magkahiwalay ay biglaan at ura-urada rin ang kanilang desisyon na magpakasal. Sa Baguio ito ginawa. Ang pagiging malayo ng Baguio marahil ang nagbigay rin sa kanila ng kalayaan para gawin at sundin ang bugso ng damdamin. Ang Baguio ang nagbigay-daan para sa pangarap nilang pagsasama. Makikita sa serye ng mga kuha kung paanong madalian ang kanilang pagpapakasal: mula sa pag-apply para sa civil wedding, ang pagpepeke ng edad, ang paghahanap ng singsing hanggang sa tuluyan na nga silang makasal, at syempre kasunod na rin ang honeymoon. Ang Baguio ang naging taguan nila.

Ngunit mahalaga ring banggitin na ang Baguio ang nagsilbing espasyo para maharap nila ang realidad ng mga pagsasama. Ito kung baga ang nagbigay rin ng leksyon sa kanila tungkol sa kanilang relasyon. Sa attic ng bahay ni Miss Amor (Nida Blanca) nagsimula ang buhay mag-asawa nina Cecille at Arnold. Habang estudyante si Arnold ay kinailangan din niyang maghanap ng trabaho lalo na nang malaman na nagdadalang-tao ang asawa. Nakapasok siya bilang bellboy sa Hyatt Hotel. Bilang lalaki, hindi rin pinayagan ang asawa na magtrabaho. Kaya si Cecille ay nanatili sa bahay at nililibang ang sarili sa pakikipagkaibigan sa kasera at tindero ng tinapay malapit sa kanilang tinutuluyan.

May kagustuhan si Cecille na matuto at makapag-aral. Sa pagdadala niya ng pagkain para sa asawa sa unibersidad ay makukuha ang atensyon niya sa isang lecture at makikinig siya rito mula sa labas ng classroom. Mababatid dito ang pagiging “tagalabas” o outsider ni Cecille dahil hindi naman siya enrolled at siya na nga ay isang asawa. Isa ito sa mga tanda ng kakulangan at di kakontentuhan ng mga tauhan sa kanilang sitwasyon bilang mag-asawa.

Para bang sa mga panahong ito ay makikita na ang umpisa ng problema at mga suliranin at konsekwensya ng kanilang maaga at ura-uradang pagpapakasal. Makikita ang pagkaudlot ng mga pangarap para sa sarili. Samantalang si Arnold naman ay nahihirapan sa kanyang oras sa pag-aaral at pagtatrabaho, pati mga oras sa mga kaibigan ay nasasakripisyo na rin. Idagdag pa ang mga kumukontrang magulang sa kanilang pagsasama. Sa madaling salita ay mahaharap sila sa mga pagsubok.

Ang mga pangyayaring ito ang nagpapatingkad sa idea na hindi madali ang kanilang pinasok. Iminumungkahi ng mga eksena ng kanilang pamamasyal at paglalakad sa Baguio ang mas malalim na pagkakilala pa sa isa't isa. Gaya nga ng pamagat, nagawa nilang manatiling magkasama sa hirap at ginhawa. Isa rin ito sa ipinaharap at naranasan nila sa espasyo ng Baguio. Maaaring sabihin na naging bahagi ng romance nila sa Baguio ang pagharap sa realidad ng pagsasama o mas partikular pa ang pag-aasawa at pagpapamilya. Kasama ito sa buong romantikong karanasan ng dalawa.

Kaunting mga eksena lamang mayroon ang Baguio sa *Laro sa Baga* ngunit mariin namang mauunawaan na pagtakas at pagtatagpo ang naging papel ng Baguio sa pelikulang ito. Sa kuwento ay ipinadala si Dee sa Baguio para iiwas kay Ding at para mag-aral na rin ng high school. Nagmistulang malayong lugar ang Baguio na mahirap marating at mapuntahan. Kahit malayo ay nasundan din si Dee ni Ding. Nagkita sila doon at sa Baguio rin nangyari ang una nilang pagtatalik. Na kinakailangan pang nasa malayong lugar tulad ng Baguio para gawin ito, malayo sa mga taong kumontra sa kanilang relasyon. Ngunit nahuli rin sila dito na nagpapahiwatig na kahit malayo ang lugar ay naroon pa rin ang panganib ng pagkahuli sa kanila.

Ngunit sa kabila ng pagkakahuli sa kanila ay nagpatuloy pa rin ang pagdalaw ni Ding kay Dee sa Baguio. Sa isang parke, sa Wright Park at Botanical Garden ay ginawa pa nila ang pagtatalik sa halamanan. Ang ganitong partikular na akto ay nagpapahiwatig muli ng pakiramdam ng kalayaan. Ang pagiging malapit sa kalikasan, ang pagkakaroon ng maraming puno at halaman ay marahil ang nagbigay ng kalayaan o pagwawala na hindi makikita sa masikip na Maynila. Sa pangkalahatan binigyan sina Dee at Ding ng pansamantala, maikli, panandaliang pagsasama at mga pagtatagpo at pagpapahayag ng pagmamahal sa isa't isa. Sa Baguio rin naipadama ang malinis, inosente, at totoong pagmamahal ni Dee para kay Ding.

Gaya ng iba pang pelikulang nabanggit sa itaas mapupuna ang mahalagang papel na ginampanan ng Baguio sa pelikulang *Friends in Love*. Ang magkakaibigan na sina Sara at Jessica at Raffy at Walter ay mga estudyante ng Brent International School sa Baguio. Kasabay ng kanilang pag-aaral ay ang kuwento rin ng kanilang pagkakaibigan at pag-iibigan.

Sa loob ng espasyo ng eskwelahan ay makikita kung paano nagkamabutihan ang mga tambalan. Sa tagong espasyo ng eskwelahan ay iba't iba ang kanilang dinanas. Magmula sa pagkikita nila sa mga klase nila sa teatro, potograpiya, painting, at musika. Lahat ay nakaangkla sa sining ang mga interes ay lalalim at magkakakilanlan pa ang mga magkakaibigan. Nagmistulang palaruan para sa mga batang karakter ang espasyo ng Baguio pati ang kanilang pag-iibigan.

Ang Baguio rin ang nagbigay sa kanila ng kalayaan para sa kanilang paglalaro na walang mga magulang na nagbabantay kaya nasa kanila ang naglatag at nagtakda ng sarili nilang patakaran sa laro.

Mahihinuha rin ang liberal na sensibilidad na mayroon ang mga karakter na maaaring nakuha sa kultura na mayroon ang Brent International School na may mga dayuhang kaklase. Ang tanging nagsilbing magulang nila na gumagabay nang kaunti ay ang kanilang mga guro (ito ang makikitang kinakasal sa unang bahagi ng pelikula). May kalayaan kumpara sa iba pang mga pangkaraniwang paaralan o high school sa bansa. Mababatid dito ang Amerikanong kultura ng paaralan na nakaluklok sa Baguio. Hindi rin naman maiaalis ang lakas ng impluwensiya ng mga Amerikano sa lugar na ito. Ang plano, gusali, at mga gawi ay nanatili kahit na nakaalis na mismo ang mga Amerikano.

### **'Aakyat ako sa Baguio'**

Mayroon tayong palagay na ang pag-akyat ay nangangahulugan ng pag-iwas o pagtakas, paghiwalay, isolasyon. Nakapaloob din kasi sa konseptong ito ang Maynila bilang baba. Naririnig din natin ang "Bababa ako ng Maynila." Na maaaring basahin bilang pagharap muli sa realidad. Nakita natin sa mga pelikula ang ganitong ideya sa Baguio. Iniuugnay ang siyudad bilang isang lugar o isang espasyo kung saan maaaring makapagpagpahinga, makapagbakasyon, makatakas mula sa mga trabaho at problema sa Maynila. Isa rin itong romantisasyon at idealisasyon sa lugar na nakita sa mga pelikula.

Ang pag-akyat ay maaari ring basahin bilang pag-akyat o pag-angat sa ibang antas ng emosyon. Kasabay ng pag-akyat sa bundok ang pagpasok sa ibang mundo. Transcendental ang karanasan. Bagamat pansamantala lamang ang karanasan ay may malalim at malaking maibibigay sa indibidwal. May pagbabagong hatid sa indibidwal, sa karakter na kadalasan ay nakakatulong sa aspekto ng kanyang pag-ibig at pagpapaunlad ng sarili. Isang mundo na naghihiwalay at malayo sa kapaguran, kaguluhan, pagsunod sa mga pamantayan, problema, alalahanin, at realidad ng buhay.

Sa Baguio mapupuna sa mga dinanas ng mga tauhan kung paano nila hinarap ang kanilang mga sarili katulad nina Anna, Joey, Abby, at Vince. Kung pagbabatayan ang pahayag ni Donald (1999):

[T]he primitive city is the product, or projection, of a symbolizing kernel that continues to be marked by its infantile origin. It returns as a force that defies all calculation, the arhaic force that can suddenly shake a great city built according to all the rules of architecture. On the cusp of terror and absurdity, these films (referring to *Batman*, *Metropolis*

and Blade Runner) tell of conflict with the claims of authority and the bonds of community, and also of the unfixing or uncertainty of identity. They play on fragile, shifty boundaries between human and technology, between human and nature, or between adult and infant. They remind us of that ineradicable unease about who we are and where we belong that also haunts the very way we walk the streets of the modern city. (De Certeau , as cited in Donald, p. 89)

Maiuugnay rito ang nosyon ng primitive city na binabanggit ni De Certeau sa mga pelikulang gumamit ng Baguio. Naroon ang usapin ng infantilisasyon ng mga tauhan. Balikan natin ang mga tauhang nagpakita ng vulnerabilidad kagaya nina Abby, Anna, Gary, at Vince na pawang humarap sa kanilang mga tunay na emosyon sa Baguio. Ang mga tauhang ito ang signifikasyon at palatandaan ng pagiging primitibo ng siyudad. Bagamat masasabing modernong siyudad o nasa proseso na ng modernisasyon at urbanisasyon ang Baguio at kinokontrol ng mga institusyong panlipunan, ay makikita pa rin ang pagbabalik at bakas ng ideal na Baguio—malapit sa kalikasan, kalayaan, at pagpapaala sa mga totoong nararamdaman ng indibidwal.

Nagsilbi ring lugar ng pagtakas ang Baguio. Karaniwan na ito sa mga pelikula. Gaya muli ni Anna, sinadya niya ang pagpunta sa Baguio para makalayo sa asawa at ni Joey na tinakasan ang nakaraang trahedyang pagkamatay ng dating kasintahan. Katulad din ni Abby, na sa una'y upang hanapin ang kaibigan, ngunit kalauna'y parang naging pagtakas na rin sa kanyang trabaho sa Maynila. Si Dee na dinala sa Baguio mula Maynila para itakas kay Ding. Sina Emil at Laura para tumakas din sa kainitan ng Maynila sa panahon ng Mahal na Araw. Si Cecille naman upang takasan ang pamilya at ang kagustuhan nitong mag-aral siya sa ibang bansa.

Sa isang banda ang espasyo ng Baguio ay nagsilbi ring pahingahan, sandalan, at para makaipon ng lakas. Ang mga araw ni Anna sa Baguio ay mga araw rin ng kanyang pagpapahinga at pagmumuni-muni. Sa kanyang mga paglalakad at pagdama sa lugar kasama si Joey ay nagkaroon siya ng oras sa sarili at napaisip sa iba pang bagay na makatutulong sa kanyang personal na paglago. Ganoon din si Abby, bagamat pansamantala o transient lamang ang pananatili ng mga tauhan at naroon ang pagbaba muli sa kanilang pinanggalingan (kadalasan ay Maynila). Romantiko dahil sa mga sandaling ito ng kanilang pagpapahinga ay nakatagpo sila ng pag-ibig. Pansamantalang pag-ibig para kina Anna at Joey, pagpapaigting at pagpapapalalim, pagsisimula, at katuparan ng hinahanap na pag-ibig para kina Abby at Vince.



Sa pagbabalik sa mga pelikula ay makikita kung paanong napakatingkad ng elemento ng nostalgia—na masasabing bahagi at kakabit na ng pagiging romantiko ng mga ito. Sabi nga ni Wilson (1997):

Nostalgia is part of legacy of the romantic movement, and is an effect of change, and the massive changes that take place in cities induce this emotion to an intense degree. Calls for urban regeneration or for some kind of city that is different from what we actually have are also, of course and paradoxically, calls for change; although sometimes the change that is desired is a return to the past. (p. 137)

Malinaw na may pagbabalik ang mga pelikula sa nakaraan ng siyudad. Bagamat ang mga pagbabago sa siyudad ay kasalukuyan nang nararanasan gaya ng urbanisasyon, komersyalisasyon, at mga problemang kaakibat nito ay nanatili sa idealisadong imahen ang siyudad ng Baguio. Ganito ang matinkad na representasyon ng espasyo ng Baguio sa mga popular na pelikula.

Ngunit maganda rin ang ipinupunto ni Wilson tungkol sa ideyang ito ng nostalgia. Gagamitin ko ito kaugnay ng pagpuna sa mga iba pang suliranin sa espasyo na liban sa mga pelikula. Sabi niya, may pagtingin muli sa nakaraan, sa paglingon sa yaong hindi, sa pagpapakalayaw sa gunita, ngunit sa pagdanas din ng kalungkutan at galit sa pagkasira. Ibang-iba ang mga damdamin na ito sa gunita.

[T]o look back at that is not, to indulge in nostalgia, but to experience grief and anger at the devastation. These are emotions very different from nostalgia (Wilson, 1997, p. 137).

Ganito rin dapat ang emosyon na dapat na ikabit sa pagtingin ng pelikula sa Baguio na isang espasyong patuloy na nagbabago at humaharap sa maraming isyung panlipunan. At kasabay nito ang paglatag ng mga reaksyon at puna sa mga kakabit na mga isyu na siyang realidad at bahagi ng kahulugan ng espasyo ng Baguio.

## **Mapangbihag na Gunita**

Matingkad na naipapamalas sa mga pelikula ang romantiko at ideyal na gunita na dati nang nilikha ng makapangyarihang pwersa ng kolonyalismo. Ang ganitong pananaw at ideolohiya ay maiuugnay sa relasyong Amerika at Pilipinas, kung paanong ginawang ideyalisado ang kabuuang ideya ng pananakop. Kaalinsabay

nito ang pagkabihag sa kaisipan ng Filipino at kung paanong binibigyang-katwiran ang imperyalismong Amerikano, at tinatakan ang naratibo ng pananamantala at pang-aabusong hatid nito. Ang ganitong paniniwala ang namayani at tumimo sa kamalayan ng Filipino.

Mababatid sa mga pagsusuri kung paanong sa mga popular na pelikula ay naisasalin ang ganitong mga ideolohiya. Nakapaglikha na ng isang viswal na gunita. Mula sa mga pastoral at kabukiran na imahen: bulubundukin, mga puno ng pino, parke, luntiang paligid ay mahihinuhang ang mga gunitang ito ay pawang mga mapanlinlang gunita tungkol sa ating kasaysayan at mas partikular pa sa espasyo ng Baguio.

Nais ko ring iugnay rito ang usapin ng uri. Mapupuna ang elitismo ng mga tauhan at ng kanilang pamumuhay sa mga romantikong pelikulang sinuri. Makikita ito kina Joey at Anna (*Kung Mangarap Ka't Magising*). Mababatid na galing sa mayamang pamilya si Joey dahil una, sa kanyang pag-i-Ingles at ang pagiging lax niya sa buhay bilang isang estudyante sa UP Baguio. Ang kanyang suliranin ay nagmumula sa personal na pakikibaka—ang makabangon mula sa trauma mula sa pagkamatay ng dating kasintahan. Gayundin naman ay kayang sustentuhan ng kanyang pamilya ang palipat-lipat niya ng kurso sa kolehiyo. May sarili siyang kotse at may barkada na makakasama sa mga paglilwaliw sa Baguio. Samantalang si Anna ay nagpapakita rin ng elitismo sa kanyang problemang binubuno, personal din at paghahanap ng kahulugan ng pagiging indibidwal partikular ng pagiging babae. Walang ekonomikong suliraning kinakaharap ang mga tauhan.

Maganda ring banggitin ang buhay ng mga tauhan na sina Sara, Jessica, Raffy at Walter (*Friends in Love*). Lahat sila ay mayaman at nag-aaral sa Brent International School sa Baguio. English-speaking ang mga tauhan at ang mga problema'y nakatuon sa kanilang mga personal na relasyon sa pamilya, mga kaibigan, at kasintahan.

At kahit naghirap sina Cecille at Arnold sa *Sa Hiras at Ginhawa* ay naroon pa rin ang kanilang pundasyon ng pagiging mga anak-mayaman. At ang kanilang paghihirap sa pinansiya ay nagmistula lamang leksyon sa kanilang maagang pag-aasawa. Sa pagluwal ng kanilang kambal ay naresolba nang madalian lamang ang kanilang mga problema. At hindi rin hinayaan ng kanilang mga magulang na tuluyang maghirap ang kanilang mga anak.

Mayaman din si Abby (*Don't Give Up On Us*), at ang kanyang pag-akyat sa Baguio ay bunsod lamang ng kagustuhang ayusin ang problema sa relasyon ng kanyang kapatid. Bagamat mas nakakababa sa usaping uri si Vince, na isang musikero, ay hindi rin naman naging pangunahing problema ang pera para sa kaniya. Napaka-middle class din ng kanyang pamumuhay, may sariling vintage

na kotse, at ang pinoproblema lamang ay ang tinatahak na karera bilang isang musikero.

Ganoon din naman sina Rocky at Gary (*Ngayong Nandito Ka*) na may masaganang buhay sa Baguio. Si Rocky na anak ng may negosyo sa logging ay naghirap ngunit hinarap niya ang kahirapang ito sa Maynila, at hindi sa Baguio.

Para bang kasiraan sa ideyal ng Baguio ang ganoong kasapitan. Kaya't magbabalik na lamang siya sa Baguio noong naayos at nakabangon na siya sa kanyang negosyo.

Maging sa *Labs Kita Okay Ka Lang*. Bagamat mahirap si Ned, ang ama ay isang minero at maraming kapatid, ay hindi rin naman malalim ang problemang ito para sa kaniya. Mas matinkad at pinroblema pa ang usapin tungkol sa relasyon sa kaibigan, minamahal at ang interes sa musika.

Malabnaw ang pagtatalakay ng isyu ng uri sa mga pelikula. Ibig sabihin hindi malaliman at hindi nagiging realistiko ang pelikula sa pagharap sa mga sosyolohikal, ekonomiko, at ekolohikal na kalagayan ng isang lipunan—partikular ang Baguio. Naisasantabi o maaaring sabihing nabubura ang mga problemang kinakaharap ng Baguio. Ang mga isyu kagaya ng krimen, pagtaas ng populasyon, polusyon, basura, trapiko, at pagkaubos ng puno, at maging ang kawalan ng espasyo sa sariling lupain ng mga katutubong Igorot ay sadyang hindi naisisiwalat sa mga popular na romantikong pelikula.

Hindi ang mga suliraning ito ang binibigyang-pansin, dahil nga kailangang tugunan at hindi lumihis ang pelikula sa kumbensiyon nitong romantiko at sukat sa panlasa ng popular na manonood. Pinanatili at sumasang-ayon ang midyum ng pelikula sa gunitang binuo ng mga dating umangkin ng espasyo ng Baguio. Pumapaloob pa rin sa ideyalisasyon at romantisasyon ang pag-iwas sa mga ganitong klase ng usapin. Sa mga pelikula ay litaw ang aspirasyon ng panggitnang-uri at iniuugnay palagi ang Baguio bilang bakasyunan at pahinga. Ito ang konsepto ng magandang buhay. Sa pag-akyat sa Baguio ay pansamantalang nakalilimutan ang kahirapan na hatid ng lungsod ng Maynila.

Bahagi pa rin ng kaisipang kolonyal, dahil ang Baguio ay American constructed at malapit sa Amerikang kultura ay para na rin nakakarating ang mga umaakyat sa Amerika. Naroon ang karanasan ng pagsusuot ng jacket o sweater, ng pagbo-boating sa Burnham Lake, at ang pagkape sa Session Road, pagtira sa bahay na may fireplace. Nakakamit sa pamamagitan ng mga virtual na imahen ang pagnanasang makapunta sa Amerika. Dahil ang makarating sa Amerika, sa kolonyal na pananaw ay tanda ng kaunlaran.

Matatandaan ding kasabay ng konstruksyon ng Baguio ay ang plano at promosyon nito na hikayatin ang mga mamamayang Pilipino sa pag-akyat. Sa journal ni W. Cameron Forbes bilang planner at promoter ng Baguio noong

mga taong 1907-1913 ay nabanggit ang kanyang layon na makuha ang mga mayayamang Pilipino na maging interesado, dahil sa kanyang paniniwala na ang mga ito ang makapagsusutine ng seguridad sa Baguio dahil sa mga koneksyon nito sa pamahalaan. Sa pagkakaroon ng mga lupain ng mga mayayaman ay mapangangalaagan nila ito at hindi basta hahayaang matigil ang plano ng Hill Station (Reed, 1999).

Isa itong pag-uugat ng elitistang tradisyon at kumbensiyon na nanatili sa mga pelikula. Sa pelikula ay iniingatan pa rin ang ganitong klase ng imahen, pang-mayaman ang Baguio. Ito ang ideyal, at naiiba ito sa pagbabakasyon sa mga beach dahil larawan pa rin ito ng tropikal na Pilipinas. Napapaalala pa rin tayo sa mga imahen ng dagat na nasa Pilipinas tayo. Dito lumalamang ang Baguio, dahil iniaangat ang manonood sa isang gunitang magdadala sa kanila sa mundo ng Amerika.

Hindi nagiging makatotohanan ang popular na pelikula sa pagbuo nito ng imahen ng siyudad ng Baguio. Hindi naglalapat ang imahen sa pelikula sa realistikong karanasan ng siyudad. Ang pelikula ay nagiging instrumento rin ng pananakop at nagpapatuloy ang pambibihag ng kaisipan sa paglika nito ng makakolonyal na imahinasyon.

At ang kasalukuyang imahen ng Baguio ngayon ay nagpapatunay ng pag-angkop ng siyudad sa kagustuhang pang-komersyo ng mga turista at dumarayong mga tao doon. Sa kasalukuyan ay napakarami nang establisimiyentong nakatirik sa kabundukan ng Baguio. Mapapansin pa lamang sa Session Road, ang tabi-tabi at hile-hilerang restawran, kapihan, bar, ukayan, convenience store, mga bangko. Nagsasanib dito ang mga lumang establisimiyento at mga bago rin. Larawan ito ng espasyong dumaan sa mahabang kasaysayan: mula sa mga tradisyunal na mga produkto kagamitan, arkitektura, Amerikanong disenyo ng mga gusali hanggang sa makabagong arkitektura.

Gaya ng isang karaniwang siyudad, pumapaloob ito sa maraming pagbabago at may pagtanggap sa realidad ng modernisasyon at komersyalisasyon. May pangangailangan na umangkop sa pamantayan ng pagiging isang siyudad upang maibigay rin ng pangangailangan ng turista na siyang pinagkukunan ng malaking kita ng Baguio.

Sa Upper Session Road nakatirik ang SM Baguio. Sa kahabaan nito naroon ang mga negosyo tulad ng Kenny Rogers, Porta Vaga Mall, Greenwich, Star Café, 7-Eleven, Pizza Volante, Luisa's Cafe, Chowking, Yellow Cab, 456 Café and Restaurant, Session Delights, McDonald's, Sky World, Rumours, Mido Inn, Jet Bookstore, CID, Teahouse, St. Joseph Drugstore, Andok's, Don Henrico's, La Azotea, Sizzling Plate, LBC, RCBC, BPI, tindahan ng mga pirated DVD at CD. Ilan lamang ito sa mga maaaring makita sa Session Road na hindi naman

nawawalan ng mga taong naglalakad at nagmamasid-masid at tumitingin-tingin kung saan maaaring kumain o kung ano ang pwedeng bilhin.

Mababatid pa rin sa pagmamasid sa kahabaan ng kalsadang ito ang bakas ng kasaysayan, ng minsang pinamunuan at inangkin ng mga Amerikano ang espasyong iyon. At kung idadagdag pa, hindi rin dapat kalimutan ang pagdiriwang ng Panagbenga Festival taun-taon na siyang dinarayo rin napakaraming turista.

Ngunit kasabay rin ng ganitong komersyalisasyon at urbanisasyon ang pagsasantabi naman sa mga katutubong Igorot na tunay na nagmamay-ari ng lupain ng Baguio. Sa pelikula at maging sa realidad sila ang laging naisasantabi; naroon ang eksotisasyon at mababang pagtingin. Sa pelikula, mapupuna ang usapin ng eksotisasyon bilang representasyon ng mga katutubo. Maraming nawawalang kahulugan, aspekto ng pagkatao, konteksto, at kultura. Ang mga ganito ring misrepresentasyon ay siyang nanggagaling sa pananaw ng dominanteng puwersa at sektor, na maaaring pumapalit o humahalili sa pananaw rin ng mga mananakop.

Sa pelikula rin ay may preserbasyon ng imahen ng perpekasyon. Sabi nga ni Wilson (1997):

This hankering for perfection may have something to do with the long tradition, the utopian literature on cities which, as Francois Choay (1980) has demonstrated, bears such a close resemblance to the writings of architects. This must have influenced our perception of how cities ought to be, or what we have a right to expect. This as if we have internalised a collective perception of the perfect city, and deviations from it become extremely threatening. Perfection, moreover, seems to be located either in the past or in the future. We rarely if ever accept, let alone embrace the present. (p. 132)

Mabisa ang binabanggit na mga ideya tungkol sa pagkatali at pagkabihag sa perpektong gunita. Akmang-akma sa mga imahen na ipinapakita ng mga pelikula tungkol sa espasyo ng siyudad ng Baguio. Marahil nagsisilbing arkitekto ang mananakop dahil na rin sila ang simbolo ng kapangyarihan, karunungan at institusyon na naglatag ng sarili nilang perpektong imahen ng siyudad. Hindi rin dapat kalimutan na naisakatuparan ang pagiging siyudad ng Baguio dahil sa mananakop at iniangkop ang plano ayon sa kanilang sariling panlasa.

## Mga Pinagsanggunian

- Crang, M. (1998). *Cultural geography*. London and New York: Routledge.
- Donald, J. (1999). *Imagining the modern city*. Minneapolis: University of Minnesota Press.
- Florendo, M. (1993). Ang katutubo sa kasaysayan ng Baguio: Isang paunang pananaliksik tungkol sa simulain ng isang lunsod," *The Journal of History*, 38, 59-78.
- Guieb, E. (2009). Taksonomiya ng Sineng Filipino: Mga kinagisnan at umuusbong na genre o anyo, at mga paglihis o paghulagpos sa mga kumbensiyon. In G. Zafra, *Sining ng sineng Filipino* (pp. 49-103). Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Mulvey, L. (2009). *Visual and other Pleasures*. New York: Palgrave Macmillan.
- Reed, R. (1999). *City of Pines: The origins of Baguio as a colonial hill station and regional capital*. Baguio City: A-Seven Publishing.
- Tolentino, D. (Ed.) (2009). *Fragments of a city's history: A documentary history of Baguio*. Baguio: Cordillera Studies Center-University of the Philippines Baguio.
- Tolentino, R. (2001). *National/Transnational: Subject formation and media in and on the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Wilson, E. (1997). Looking backward, nostalgia and the city. In Westwood and Williams (Eds.), *Imagining cities: Scripts, signs, memory* (pp. 127-139). London and New York: Routledge.

## Filmograpiya

### Kung Mangarap Ka't Magising

1977

LVN Pictures

<b>Director</b>	Mike De Leon
<b>Screenplay</b>	Rey Santayana
<b>Cast</b>	
Christopher de Leon	<i>Joey</i>
Hilda Koronel	<i>Anna</i>
Laurice Guillen	<i>Cecile</i>
Moody Diaz	<i>Mrs. Laguitan</i>
Danny Javier	<i>Jojo</i>
Boboy Garovillo	<i>Mike</i>
Bibeth Orteza	<i>Nanette</i>

### Friends in Love

1983

Viva Films

<b>Director</b>	Eddie Garcia
<b>Screenplay</b>	Soxy Topacio
<b>Cast</b>	
Sharon Cuneta	<i>Sara</i>
Jackie Lou Blanco	<i>Jessica</i>
Rowell Santiago	<i>Raffy</i>
William Martinez	<i>Walter</i>
Vic Silayan	<i>Sara's Father</i>

## Sa Hirap at Ginhawa

1984

Viva Films

<b>Director</b>	Leroy Salvador
<b>Story</b>	Connie Angeles
<b>Screenplay</b>	Jose Javier Reyes
<b>Cast</b>	
Sharon Cuneta	<i>Cecilia Ventura</i>
Gabby Concepcion	<i>Arnold Zaragoza</i>
Nida Blanca	<i>Miss Amor</i>
Leroy Salvador	<i>Ben</i>
Vic Silayan	<i>Abe Ventura</i>
Cherie Gil	<i>Karen</i>
Sandy Andolong	<i>Tessie Ventura</i>
Ronnie Ricketts	<i>Joey</i>

## Labs Kita Okay Ka Lang?

1998

Star Cinema Productions

<b>Director</b>	Jerry Lopez-Sineneng
<b>Story:</b>	Enrico Santos, Tammy Bejerano
<b>Cast</b>	
Jolina Magdangal	<i>Bujoy</i>
Marvin Agustin	<i>Ned</i>
Hilda Koronel	<i>Marissa</i>
Gina Pareño	<i>Cora</i>
Ronaldo Valdes	<i>Canor</i>
Meryl Soriano	<i>Mayo</i>
Gio Alvarez	<i>Cenon</i>
Vanessa del Bianco	<i>Mary Ann</i>

## Laro sa Baga

2000

Regal Films

<b>Director</b>	Chito S. Roño
<b>Story/Screenplay</b>	Edgardo M. Reyes
<b>Cast</b>	
Ara Mina	<i>Dee</i>
Carlos Morales	<i>Ding</i>
Angel Aquino	<i>Carmen</i>
Monique Wilson	<i>Emy</i>
Marita Zobel	<i>Nanay Coring</i>
Maila Gumila	<i>Maiba</i>

## Ngayong Nandito Ka

2003

Star Cinema Productions

<b>Director</b>	Jerry Lopez-Sineneng
<b>Screenplay</b>	Henry Quitain
<b>Cast</b>	
Jericho Rosales	<i>Rocky Rodriguez</i>
Kristine Hermosa	<i>Gary Cruz</i>
Onemig Bondoc	<i>Derick Cervantes</i>

Jaime Fabregas	<i>Federico Rodriguez</i>
Pinky Marquez	<i>Leony Rodriguez</i>
Carlo Muñoz	<i>Kent Rodriguez</i>
Toby Alejar	<i>Efren Cruz</i>
Sandy Andolong	<i>Nadia Cruz</i>

## **Don't Give Up On Us**

2006

Star Cinema Productions

**Director** Joyce Bernal

**Screenplay:** Enrico Santos, Dindo Perez, Carol San Pedro, Artemio Abad

### **Cast**

Piolo Pascual	<i>Vince</i>
Judy Ann Santos	<i>Abby Trinidad</i>
Hilda Koronel	<i>Abby's mother</i>
Tommy Abuel	<i>Abby's father</i>
Marjorie Barretto	<i>Aleli</i>
Cheska Garcia	<i>Sabrina</i>
Marco Alcaraz	<i>Samuel</i>

---

**PAMELA MARIE M. CRUZ** is an instructor at the Filipino Department, School of Humanities, Ateneo de Manila University (corresponding author: pcruz@ateneo.edu).